

# Pagsasalin ng Nobelang 'Lidia' ni Juan Crisostomo Soto mula sa Wikang Kapampangan tungo sa Wikang Filipino

Jeffrixx S. Parajas

Polytechnic University of the Philippines

jsparajas@pup.edu.ph

## Abstrak

Isa sa mga maituturing na dakilang akda ang nobelang 'Lidia' ni Juan Crisostomo Soto, kinikilala bilang Ama ng Panitikang Kapampangan, na nailimbag noon pang 1907. Layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng mungkahing salin ng nobelang 'Lidia' ni Soto mula sa wikang Kapampangan tungo sa wikang Filipino bilang ambag sa panitikang pambansa. Gamit ang proseso at pamamaraan ng pagsasalin ng prosa sang-ayon kay Abueg, Batnag, at Petras, dumaan sa tatlong proseso ang pagsasalin ng akda – pagsasalin sa salita-sa-salita, diwa-sa-diwa, at pagrerebisa ng salin sang-ayon sa komento at mungkahi ng konsultant. Lumabas ang limang pamamaraan ng pagsasalin mula sa prosesong ito ang mga sumusunod: (1) mga salitang walang katumbas sa Tunguhang Lenguwahe; (2) Idyoma at Tayutay sa Natural na Daloy ng Salin; (3) Pag-aangkop ng Salin sa Konteksto ng Tunguhang Lenguwahe; (4) Pagsasaalang-alang sa Konteksto at Kaligiran ng Panahon ng Pagsasalin at; (5) ang Natural na Daloy ng Salin sa Tunguhang Lenguwahe. Mula rito, nakabuo ang pananaliksik ng mungkahing salin ng nobelang 'Lidia' na dumaan sa masinsin at masalimuot na proseso ng pagsasalin na makapag-aambag sa panitikang Filipino.

Susing salita: *Juan Crisostomo Soto, Kapampangan, Lidia, pagsasalin, wikang Filipino*

## Abstract

One of the notable works considered in Kapampangan literature is the novel 'Lidia' by Juan Crisostomo Soto, recognized as the Father of Kapampangan Literature, which was published in 1907. The purpose of this study is to come up with a suggested translation of the novel 'Lidia' by Soto from the Kapampangan language to the Filipino language as a contribution to national literature. Using

the process and method of prose translation according to Abueg, Batnag, and Petras, the translation of the work went through three processes—*salita-sa-salita* (word-for-word) translation, *diwa-sa-diwa* (meaning based), and revising the translation according to the consultant's comments and suggestions. Five methods of translation emerged from this process as follows: (1) words that have no equivalent in the target language; (2) idioms in the natural flow of translation; (3) adapting the translation to the target language context; (4) considering the context and environment of the time of translation; and (5) the natural flow of the translation in the target language. From this, the research developed a suggested translation of the novel 'Lidia' that went through an intensive and complex translation process that can contribute to national literature.

**Keywords:** Filipino language, Juan Crisostomo Soto, Kapampangan literature, Lidia, translation

## PANIMULA

Nagsimula ang pag-usbong ng mga panulat sa wikang Kapampangan na sa pag-aaral ni Manlapaz (1981) ay nagsimula bago pa man dumating ang mga mananakop na Kastila. Nasa iba't ibang porma ito tulad ng kuwentong bayan na nilalahukan ng mga bugtong, awit, *kasebyan* (kasabihan), at iba pang mga tradisyon at paniniwala. Isa sa mga halimbawa nito ay ang pamosong katutubong awitin sa Kapampangan o *basultu* na hango sa *O Caca, O Caca* (*Oh brother, Oh brother*) na inspirasyon mula sa mga Negritos na matatagpuan sa kabundukan ng Zambales (Castro 1981)<sup>1</sup>. Bagaman kakaunti lamang ang naitalang mga panulat noong panahon ng mga Kastila dahil na rin sa pagsira ng mga ito sa mga manuskrito upang ipilit sa mga Pilipino ang kanilang kultura at paniniwala. Sumailalim ang panitikang Kapampangan sa tinatawag na *cultural hybridization* kung saan napaghalo ang mga paniniwala, tradisyon, paraan ng paglikha ng zarzuela, korido, romansa, at komedya na nagmula sa Kastila sa katutubong kaalaman ng mga Kapampangan

<sup>1</sup> Castro, Rosalina I, *Literature of the Pampangos* (Manila: University of the East Press, 1981) sinipi kay Loida Garcia, "The Ingenuity of Kapampangan Novels in the 20<sup>th</sup> Century," 47

kaya naman maraming nabuong adaptasyon (Mallari 2011, 162)<sup>2</sup>. Patunay rito ang napakaraming nalikha na zarzuela ng mga manunulat na Kapampangan tulad nina Juan Crisostomo Soto (1867-1918) na nakasulat ng mahigit limampung (50) zarzuela kabilang ang piyesa na *Alang Dios!*. Nariyan din si Felix Galura Napao (1866-1919) may akda ng mga zarzuela na *Ing Mora* (The Moslem Woman), *O Kasiran* (O Disgrace) at *Azucena*, kung saan ang huling dalawa ay adaptasyon mula sa panitikang Kastila. At isa ring kilalang manunulat na Kapampangan si Aurelio Tolentino (1875-1915) na kinilalang nagsusulat sa tatlong wika – Kapampangan, Tagalog, at Kastila, na may akda ng *Kahapon, Ngayon, at Bukas*. Ayon kay Garcia (2018, 48)<sup>3</sup>, bagaman may bahid ng kulturang Kastila at madalas ay adaptasyon ang mga nalilikhang zarzuela ng mga manunulat na Kapampangan, tinuturing din na *intellectual rebellion* ang pagsulat ng mga ito dahil sa paggamit ng mga lokal na karakter at tagpuan.

Nagsimulang sumigla ang panulat ng mga manunulat na Kapampangan noong panahon ng mga Amerikano. Sa pag-aaral ni Garcia (2017, 54)<sup>4</sup>, umusbong ang bagong genre ng panitikan, ang nobela, na naging maunlad ang paglalathala noong taong 1907 hanggang 1923 sa Pampanga. Sinimulan ang paglikha ng mga nobela ng mga manunulat na Kapampangan sa pamamagitan ng pagkakalathala sa nobelang *Lidia* ni Juan Crisostomo Soto noong 1907 na isang *serialized novel*. Higit na kinilala ang mga manunulat sa Kuwentong pag-ibig ang tema ng nobelang *Lidia* kung saan ipinakita kung paano humantong sa pagkawasak ang pag-ibig ng binatang si Hector kay Lidia. Nakapaglathala rin si Aurelio Tolentino ng nobela na may pamagat na *Ing Buac Nang Ester* (Ester's Hair Strand) na nailathala sa pagitan ng 1911-1915, ang *Maring* na nalathala noong 1913 at ang *Ing Capalaran/Ing Galal Ning Bie* (The Fate/The Prize of Life) na nalathala naman noong 1923. Unang nailathala ang mga nobela sa

---

<sup>2</sup> Julieta C. Mallari, "Indeginizing the Zarsuela: Kapampangan Ethocentric Adoption of the Foreign Genre," 162

<sup>3</sup> Loida L. Garcia, "The Ingenuity of Kapampangan Novels in the 20<sup>th</sup> Century," 48

<sup>4</sup> Loida L. Garcia, "The Hispanic Culture of Kapampangan Novels during the Age of U.S. Imperialism," 54

mga pahayagan na naging daan upang makilala ang mga manunulat na Kapampangan. Ipinakita sa pag-aaral ni Garcia (2017, 56)<sup>5</sup> ang mga temang nilalahukan ng mga nobelang Kapampangan na umiikot sa kuwentong pag-ibig, katolisismo, pagbubuklod ng pamilya, at dangal ng mga kababaihan. Matalas ang mga panulat nina Soto at Tolentino na masasalamon sa kanilang mga nasulat na nobela dahil na rin sa kanilang pagiging kabahagi ng samahang gerilya na lumaban sa mga mananakop. Ayon kay Garcia (2018, 54)<sup>6</sup>:

*Both of these playwrights are undoubtedly nationalists and their services were warranted in government offices because of their impressive educational backgrounds. They have personally seen the new policies implemented by the Americans and consequently reacted on it. They were editors, journalists, fiction writers, poets, playwrights and both of them sought their writings to form emotional attachment to the readers.*

Tinuring din na kabahagi ang mga akdang nobela ng mga Kapampangan ng kulturang popular dahil na rin sa pagiging kilala ng mga ito sa lalawigan. Kalimitan pumapaksa ito sa mga aktuwal na kondisyon ng pamumuhay ng mga Kapampangan, tradisyon, paniniwala, mga sentimento, at emosyon na nilalahukan ng personal na danas ng may-akda mula sa kanilang obserbasyon sa lipunang ginagalawan. Ang paggamit ng aktuwal o totoong lugar, mga ordinaryong tao, mga opisyal ng pamahalaan, mga pamilyar na sitwasyon mula sa lalawigan ang dahilan kung bakit madaling nahuhumaling ang mga mambabasa o nagiging *relatable* ang mga nobela. Ito rin ang tinuturing na malaking pagbabago sa paraan ng pagsulat ng mga akda ng Kapampangan na noong panahon ng Kastila ay kadalasan umiikot sa pantasya, sa panahon ng pamamayagpag ng nobela, nakatuon na ang kanilang panulat sa reyalidad na naging daan upang mapalaya ang mga mambabasa sa pantasya at ilusyon.

---

<sup>5</sup> Loida L. Garcia, "The Hispanic Culture of Kapampangan Novels during the Age of U.S. Imperialism," 56

<sup>6</sup> Loida L. Garcia, "The Ingenuity of Kapampangan Novels in the 20<sup>th</sup> Century," 54

Bahagi ng panitikang pambansa ang mga rehiyonal na panulat kabilang ang mga akdang Kapampangan. Ayon kay Lumbera (2000, 166-170)<sup>7</sup>, napapatampok nito ang karanasang panrehiyon na nagiging bahagi ng karanasang pambansa. Mahalagang salik sa pagpapaunlad ng panitikang pambansa ang pagsusulat ng mga akdang pampanitikan na nilalahukan hindi lamang ng mga akda na naisusulat sa wikang Filipino o Ingles kung hindi maging ng mga akdang naisusulat sa mga rehiyonal na wika sa Pilipinas. Sa pag-aaral ni Estillore-Gabunada (2019, 251)<sup>8</sup>, bukod sa paglalathala ng mga akdang pampanitikan na naisusulat sa rehiyonal na wika tulad ng Kapampangan sa mga aklat o magasin, kinakailangan din na maisalin ang mga ito sa wikang Filipino o Ingles (sa ibang kaso) na magbibigay daan upang higit na maunawaan ito ng malaking populasyon ng Pilipinas. Isa ang pagsasalin ng mga akda sa Filipino ang nakikitang solusyon upang maiwasan ang problema ng mga akda na sumasailalim sa tinatawag na *unintelligibility* at *unreadability* o walang kakayahan na maipasa ang kaalaman na nilalaman ng akda at kakaunti o walang nagbabasa ng akda. Kaya naman, malinaw na bahagi ang pagsasalin ng mga akda sa pagpapayabong ng pambansang panitikan. Dagdag pa ni Estillore-Gabunada (2019, 251):

*This suggests that the translation of regional literature should be considered to contain the same literary merits with the original as the translation makes possible the comprehension of regional literature to a wider Filipino readership. Through this, the politics of building a national literature elevates the craft of translation from a purely functional role as a teaching aid to a vital link in the politicization process of a community as it becomes a necessary tool in the understanding of regional literature.*

Parami na nang parami ang mga publikasyon na naglalathala ng mga akdang pampanitikan na nasusulat sa rehiyonal na wika tulad ng Ateneo de Naga University Press, National Commission on Culture and the Arts, UP Press at University of San Agustin Publishing House. Maging ang Don Carlos Palanca Memorial Awards na patimpalak para sa mga

<sup>7</sup> Bienvenido Lumbera, "Writing the Nation," 166-170

<sup>8</sup> Maria Vanessa Estillore-Gabunada, "The Politics of Translation in the Creation, Production, and Canon Formation of Translated Cebuano Literature from the Postwar Period to Present," 251

manunulat na nagaganap taon-taon ay nagbukas ng pinto para sa mga manunulat na sumusulat sa rehiyonal na wika na hindi lamang bukas sa paglikha ng mga bagong akda gamit ang rehiyonal na wika kundi para rin sa pagpapayabong at pagpapanatili ng mga wikang unti-unti ng nawawala. Espasyo rin ang pagsasalin ng mga akda mula sa iba't ibang wika tulad ng Filipino at Ingles sa target na rehiyonal na wika sa pagpapayabong hindi lamang ng panitikan maging ng parehong wika. Ilan sa mga kilala sa larangan na ito sina Marjorie Evasco na nagsasalin ng mga akda mula sa Ingles tungo sa Cebuano; si J. Iremil Teodoro na nagsusulat ng mga kuwento sa wikang Kinaray-a na isinasalin din niya sa Ingles; si Peter Nery naman ay nagsasalin ng mga akdang erotika sa Ingles tungo sa Hiligaynon at sina Kristian Cordero at Victor Nierva na nagsusulat sa wikang Bicolano at isinasalin sa Ingles. Isa rin sa mga kilalang akda na naisalin mula sa panitikang Kapampangan ang Bb. Phatuphats ni Juan Crisostomo Soto na isinalin sa Filipino ni Lourdes Vidal at isinalin din sa Ingles ni Edna Manlapaz. Para kay Lumbea (2000, 166)<sup>9</sup>, napapalitaw mula sa salin ang pangangailangang panatilihin at ilahok sa Filipino ang mga konseptong may partikular na bisa sa simulaang lengguwahe. Sa ganitong palagay, unti-unting namumulat ang mambabasa ng tunguhang lengguwahe sa kultura ng pinagmulan at makita ang kaugnayan nito sa sariling karanasan.

Sa usapin naman ng mga inisyatiba sa pagpapaunlad ng pagsasalin ng mga akdang pampanitikan mula sa rehiyonal na wika tungo sa Filipino, unang nagsimula ang mga gawaing pagsasalin noong taong 1970, bilang inisyal na tugon sa panawagan sa pagbubuo ng panitikang pambansa sa pamamagitan ng pagbuo ng antolohiya na may pamagat na Manunulat: Mga Piling Akdang Pilipino na nilalahukan ng mga saling akda mula sa mga akdang Sebuwano, Hiligaynon, Ilokano, at Kapampangan. Sa kasalukuyan, may mga organisasyon na rin na nalikha para sa mga nagsasalin kabahagi rito ang teknikal na pagsasalin at pagsasalang pampanitikan. Mula sa papel ni Fajilan (2021, 86-87)<sup>10</sup>, ilan

---

<sup>9</sup> Bienvenido Lumbea, "Writing the Nation," 166

<sup>10</sup> Wennielyn Fajilan, "Higit pa sa Raket!: Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Pagsasalin bilang Isang Propesyon sa Pilipinas batay sa Karanasan at Saloobin ng Piling Tagasalin sa Metro Manila," 86-87

lang sa mga organisasyon na ito na nagtataguyod sa pagsasalin ay ang Filipinas Institute of Translation (FIT), Pambansang Komite sa Wika at Salin (NCCA–NCLT), Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS), UP–Sentro ng Wikang Filipino (UP–SWF), Akdang Bayan, Samahan ng mga Tagasalin (SALIN), FightCOVID19 Volunteers PH, The Writers Bloc Inc., UST Sentro sa Salin at Araling Salin, at International Organization of Translation and Intercultural Studies– Beijing. Dagdag din sa mga samahan na nilalahukan ng mga tagasalin ang PASATAF, Tanggol Wika, School of Humanities Translation Circle, Lupon ng Korespondensiya Opisyal ng NCCA, American Translators Association, Pambansang Unyon ng mga Tagasalin sa Pilipinas (PUNTA), Freelance Writers Guild of the Philippines, SADAFIL, SALIN at NCCA–NCLT.

Kaya naman, bilang ambag sa pagpapaunlad ng pambansang panitikan, layunin ng isinagawang pananaliksik ang pagsasalin ng nobelang Lidia ni Juan Crisostomo Soto mula sa wikang Kapampangan tungo sa Filipino para sa pagpapayabong hindi lamang ng panitikan kundi maging sa pagpapanatili ng wika. Magiging kapaki-pakinabang ang pananaliksik sa larangan ng akademya upang magkaroon ng babasahing akdang pampanitikan na nasusulat sa wikang Filipino na nagmula sa isa sa mga rehiyonal na wika sa Pilipinas na maaari rin magamit bilang kagamitang pampagtuturo sa pagsasalin o kaya naman sa pagsusuri at kritisismong pampanitikan na unti-unti na ring humihina sa kasalukuyan. Inaasahang magiging produkto ng pananaliksik ang bubuuing salin ng nobelang Lidia sa wikang Filipino na tutugon sa kaambagan sa pambansang panitikan.

## METODOLOHIYA

Ginamit sa pananaliksik ang pamamaraang kuwalitatibo upang masuri ang teksto ng nobelang Lidia ni Juan Crisostomo Soto at maisalin ito salig sa pagpapahalaga ni Benjamin (1997)<sup>11</sup> na may pangangailangang maisalin ang mga akda higit lalo ng mga akdang nakasulat sa wikang unti-unti ng nawawala at dominante ang wikang mula sa labas kaysa sa unang wika sa komunidad tulad ng wikang

---

<sup>11</sup> Rendall S., “The Translator’s Task, Walter Benjamin,” 1997

Kapampangan. Kasama rin ang huwarang tagubilin ni Abueg (sinipi mula kay Batnag at Petras, 2009)<sup>12</sup> na umiikot sa awtor, wika, anyo ng akda. Ginamit ang metodong inihain ni Batnag at Petras (2009)<sup>13</sup> at Abueg ukol sa pagsasalin upang masuri ang pamamaraang gagamitin ng mananaliksik sa pagsasalin ng nobela. Matapos maisalin ang akda, ipinabalido at ipinakonsulta ang produktong salin sa piling guro na nakakapagsalita at nakauunawa ng wikang Kapampangan at wikang Filipino at taal na naninirahan sa Pampanga upang makakuha ng rekomendasyon sa ikaaayos ng salin sa usapin ng nilalaman, istruktura ng wika sa salin at katanggapan ng pagsasalin sa akdang Lidia. Nagmula naman ang kopya ng nobelang Lidia ni Juan Crisostomo Soto bilang akdang isasalin sa American Psychological Society (APS)<sup>14</sup>. Nagmula pa ang kopya nito sa The University of Michigan Library na nasa anyo ng *microfilm* at naidagdag sa H.H. Bartlett Collection ng APS.

## RESULTA AT PAGTATALAKAY

### Kahalagahan ng Pagsasalin ng Nobelang ‘Lidia’ ni Juan Crisostomo Soto

#### *Si Juan Crisostomo Soto bilang Manunulat ng Lidia*

Isa sa mga dakilang manunulat sa panitikang Kapampangan si Juan Crisostomo Soto (1867-1918) o kilala rin bilang “Crissot” na nagmula sa bayan ng Bacolor sa Lalawigan ng Pampanga. Naitala sa listahan ng kanyang mga akda ang labinlimang dula, higit isandaang mga tula, maikling kuwento at nobela. Higit siyang nakilala sa nobelang “Lidia”, sarsuwelang “Alang Dios!”, dulang “Delia”, maikling kuwentong “Y Miss Phatupats” at tulang “Malaya”. Itinuturing na Ama ng Panitikang Kapampangan si Juan Crisostomo Soto kaya naman inihahanay bilang isa sa mga kanonigong akda ang kanyang mga

---

<sup>12</sup> Batnag, A. at Petras, J., “*Teksbuk sa Pagsasalin*,” 2009

<sup>13</sup> *Ibid.*

<sup>14</sup> organisasyon na nagpepreserba ng mga akda na naisulat nang matagal ng panahon.



naisulat lalo na ang nobelang Lidia na kauna-unahang nobelang naisulat sa wikang Kapampangan.

Sa pag-aaral ni Garcia (2018, 53-54)<sup>15</sup>, sinabing naging bahagi ng rebolusyon si Juan Crisostomo Soto kasama ang kanyang kontemporaryong manunulat sa Kapampangan na si Aurelio Tolentino laban sa mga mananakop na Kastila. Natransporma ang kanilang pamamaraan ng pakikipaglaban sa pagpasok ng mga mananakop na Amerikano sa pamamagitan ng pagsusulat kaya naman nagtataglay ng nasyonalismo ang kanyang mga akda. Bukod sa pagiging manunulat, si Soto ay isa ring mamamahayag.

Naihananay rin ang mga naisulat ni Soto bilang mga kanonigong akda na may malaking pangangailangan na maabot ang higit na maraming mambabasa at hindi lamang ang mga naninirahan sa Lalawigan ng Pampanga kundi sa buong Pilipinas. Naisulat ang mga akda ni Soto mula taong 1875 hanggang sa taon ng kanyang kamatayan noong 1918. Malaki na rin ang pagbabago sa wikang Kapampangan sa kasalukuyan kumpara sa wikang Kapampangan ng kanyang mga akda noon.

### *Pagbubuod sa Nobelang Lidia*

Tipikal na kuwentong pag-ibig ang nobelang Lidia na umiikot sa tatlong karakter na sina Lidia, Hector at F.D. Magkasintahan si Lidia at Hector ngunit dumating ang panahon na unti-unting nanlamig si Lidia sa kanyang nobyo. Isang hapon, ipinasya ni Hector na kausapin si Lidia sa kanilang pag-uwi galing sa simbahan. Ngunit sa halip na pagbuhatan ng kamay ang dalaga sa kanilang pagsasagutan, niyakap at hinagkan ni Hector sa publiko si Lidia na naging dahilan ng paghahabla ng mga magulang ng dalaga sa likha ng eskandalong ginawa ng binata.

Isang mahabang liham ng pag-ibig ang ipinadala ni Hector kay Lidia ngunit bago iyon nabasa ng dalaga, dinalaw siya ng nakakatakot na panaginip. Namatay raw si Hector. Kinabukasan ng umaga,

---

<sup>15</sup> Loida L. Garcia, "The Ingenuity of Kapampangan Novels in the 20<sup>th</sup> Century," 53-54

natagpuan nga ang bangkay ni Hector sa isa nilang bakanteng bahay na nagsisilbing botika ng mga magulang ng binata. Isinumbat kay Lidia ng mga kababayan ang pagkamatay ni Hector.

Ang pagbabago pala sa pakikitungo ni Lidia sa kasintahan ay dahilan sa isang kaibigan ni Hector na humaharang ng mga liham ng dalaga para sa kasintahan. May lihim na pagtatangi kay Lidia ang kaibigan ni Hector na si F.D. Siniraan nito si Hector na hindi ito tapat sa dalaga. Nalaman lamang ito ni Lidia nang patay na ang kasintahan.

Nakatagpo ni Lidia sa libingan ang taksil na kaibigan ni Hector. Nagawa ni Lidiang paluhurin ito sa harap ng puntod ng kasintahan at paghingiin ng tawad kay Hector.

### *Kaligiran sa Pagkakasulat ng Nobelang Lidia*

Sa pag-aaral ni Garcia (2018, 54-55)<sup>16</sup>, binasag ni Soto ang mga tipikal na anyo ng kuwento noong panahong nalathala ang Lidia na nakaayon sa corridor at romansa ng mga Kastila na kadalasan ay ilusyon at pantasya ang inihahain sa mga mambabasa. Dahil kauna-unahang nobelang Kapampangan ang Lidia, sinasabing mga totoong karakter ang nasa kuwento at maging ang daloy ng istorya, senaryo at lokasyon ay makatotohanan din. Para naman kay Manlapaz (1981)<sup>17</sup>, inihahanay bilang isa sa mga unang naratibo ang Lidia na may anyo ng modernidad. Sinasabing ang pagkakita sa katawang walang buhay ni Hector sa kanilang botika ay maiuugnay sa pagiging mamamahayag ni Soto kaya naman nakabubuo ito ng ugnayan sa mga mambabasa dahil sa umiibabaw na karakter ng manunulat. Nakikita ang kredibilidad ni Soto bilang mamamahayag sa kanyang mga akda kaya naman madaling nakukuha ang atensyon at interes ng mga mambabasa. Maging ang kasiningan sa paraan ng paglalahad ng kuwento kung saan may tagapagsalaysay o narrator na sa ganang akin ay si Crissot mismo ay

---

<sup>16</sup> Loida L. Garcia, "The Ingenuity of Kapampangan Novels in the 20<sup>th</sup> Century," 54-55

<sup>17</sup> Manlapaz, E.Z., *Kapampangan Literature: A Historical Survey and Anthology* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1981) sinipi kay Loida Garcia, "The Ingenuity of Kapampangan Novels in the 20<sup>th</sup> Century," 55

masasabing nagtataglay ng katangian na kahalintulad sa pagbabalita. Inilalahad din ng tagapagsalaysay ang panig ng dalawang karakter – si Lidia at Hector. May mga pagkakataon din sa dulo ng bawat kabanata ay tinatanong ng tagapagsalaysay ang mga mambabasa.

Nabigyang tuon din ang usapin ng sabong na umusbong noong panahon ng mga Amerikano na pinahihintulutan na mamayagpag ng gobyerno kahit pa hindi ito legal. Binigyang diin ni Soto ang suliranin sa sabong sa pamamagitan ng paghahambing sa bilang ng mga sabungan na mas marami pa kaysa sa mga itinayong paaralan. Ipinakita niya rin ang realidad kung saan nananatili ang mga sabungan dahil na rin sa pagtanggap ng mga opisyal ng pamahalaan ng ‘lagay’ mula sa mga mananabong na nagiging dahilan ng pagkakalulong ng mga Pilipino sa naturang sugal mayaman man o mahirap.

Isa rin sa mga pumaimbabaw sa kuwento ng Lidia ang pagbibigay pokus ni Soto sa kulturang Kapampangan upang ipakita ang nararapat na pagkilos ng mga kalalakihan at kababaihan. Ipinakita niya ang ilang senaryo tulad ng kung paanong kinakailangan munang makinig at tapusin ng isang lalaki ang misa habang nasa simbahan bago kausapin ang naiibigang babae. At sa babae naman ay kinakailangan nitong lumabas ng simbahan na nakasuot ng balo upang ipakita ang pagkamahinhin nito lalo na kung may nagpaparamdam ng nais na kalalakihan. Kung nanonood naman sa teatro, kinakailangang makaupo muna ang mga kababaihan bago maupo ang mga kalalakihan. Tuwing hapunan naman, kinakailangan munang siguraduhing may pagkain na ang lahat ng kababaihan bago kumuha at magsimulang kumain ang mga kalalakihan. Ipinakita ni Soto ang halaga ng dignidad at puri ng mga kababaihan na kinakailangan ingatan ng mga kalalakihan sa isang lipunan. Kaya naman, hindi gumamit si Soto ng tipikal na suliranin sa pagitan ng babae at lalaki o ni Lidia at Hector tulad ng pagtutol ng mga magulang o pagkakaroon ng kaibahan sa ugali o estado sa buhay bagkus ay ginamit niyang isyu sa pagitan ng dalawang karakter ang pagpapakita ng mataas na reputasyong kinakailangan pangalagaan ng mga kababaihan bilang pagtingin ng lipunan. Ngunit dahil nga napaniwala ng taksil na kaibigan ni Hector si Lidia na dahilan ng kanilang paghihiwalay, ipinakita ni Soto kung ano ang halaga ng pagtupad sa mga sinumpaang pangako na hindi lamang sa pagitan ng magkasintahan

maging sa bayan o sa bansa. Binigyang simbolismo ang pagkamatay ni Lidia sa huli ng nobelang bilang alegorya ng kinahinatnan ng bayan mula sa pagtataksil na naranasan mula sa mga mananakop at pagbasag sa pangakong mapalaya ito.

### *Mga Akdang Inspirasyon ng Lidia*

Nabanggit sa mismong nobela ni Crissot ang apat na akda na pinaghalawan ng naratibo ng Lidia. Tatlo sa apat na akda ay nagmula sa panulat ni William Shakespeare, ang *Romeo and Juliet*, *Hamlet* at *Othello* at ang isa naman ay ang *Los Amantes de Teruel* o *The Legend of Lovers in Teruel*. Naikwento na parehas silang nasa loob ng teatro kung saan ipinalabas ang mga dulang bersyon ng apat na kuwento. Nanunood ang dalawa ngunit hindi sila magkatabi at nakita ni Lidia mula sa kanyang kinauupuan si Hector na may kasamang ibang babae na lalong nagpasiklab sa kanilang pagkakalabuan.

Kuwento ng dalawang magkasintahan ang *Romeo and Juliet* ni Shakespeare na nauwi sa trahedyang dahil sa sigalot sa pagitan ng kanilang mga pamilya. Sa *Hamlet* naman matutunghayan ang pagmamahalan nina Ofelia at *Hamlet* na trahedyang rin ang kinasapitan dahil sa pagkamatay ng babae dulot ng pagpatay ni *Hamlet* sa bagong hari na ama ni Ofelia. Sa *Othello* makikita ang karakter ni *Desdemona* na makikita sa akdang *Lidia*, na siyang kasintahan ni *Othello*. Nilarawan si *Desdemona* bilang matapang na may tapat na pag-ibig kay *Othello* at sa kanyang ama na siya namang nag-aakusa kay *Othello* na ginagayuma si *Desdemona*. Sa huli, pinuntahan ni *Othello* si *Desdemona* at sinabing kailangang mamatay ni *Othello* para sa ikabubuti ng kanilang mga buhay. Ang huling akda, ang *Los Amantes de Teruel* o *The Legend of Lovers in Teruel*, kuwento rin ng pag-iibigan na naganap sa bayan ng *Teruel* na tinatawag na ngayong *Aragon*. Ang mga karakter dito ay sina *Diego Marcilla* at *Isabel de Segura* na itinakdang ikasal. Kapwa sila mula sa mariwasang pamilya. Nang papalapit na ang kanilang kasal, bigla namang naghirap ang pamilya nila *Diego* at humingi si *Diego* ng limang taon para muling magpayaman ngunit lumipas ang limang taon walang naging balita kay *Diego*. Kaya naman isang araw, ipinakasal si *Isabel* sa lalaking hindi niya mahal. Sa unang gabi ng mag-asawa,

pumuslit si Diego sa kwarto ng mga ito at ginising si Isabel para humingi ng isang pabor na halikan si Diego dahil mamamatay na ito. Hindi siya pinagbigyan ni Isabel dahil tapat ito sa pagmamahal niya sa kanyang asawa. Namatay si Diego sa paanan ni Isabel at sikretong inayos ang bangkay nito. Sa huli, nangyari rin kay Isabel ang nangyari kay Diego dahil sa labis na kalungkutan.

Kung susuriin ang apat na kuwento, makikitang may pagkakahawig ang mga istorya sa tema ng Lidia na nauwi rin sa trahedyang. Nagbigay ang tagapagsalaysay ng pangitain sa kalagitnaan pa lamang ng istorya ng Lidia na mauwi sa trahedyang kuwento ni Hector at Lidia. Sa pag-aaral ni Ick (2013, 4)<sup>18</sup>, nang estudyante pa lamang si Crissot sa San Juan de Letran, wala na itong umanong interes sa pag-aaral sapagkat higit na interesado siya sa pagbabasa at pagsusulat ng mga dula sa Kastila. Katunayan naisulat niya ang kanyang kauna-unahang dula habang nasa San Juan de Letran na hango sa dulang Romeo and Juliet ni Shakespeare kaya naman isang adaptasyon nito ang kanyang unang naisulat na may pamagat na *Pamaquiasaua ning Mete* na sa salin sa Ingles ay *The Marriage of the Dead*. Nang maisulat ito ni Soto, ayon sa tala ni Arsenio Manuel, agad-agad na umuwi sa Bacolor si Crissot upang bigyang buhay ang kanyang dula. Humanap siya ng gaganap na Juliet, at nakilala niya ang isang batang dalaga na gumaganap sa mga komedya. Nahulog ang loob ni Crissot sa dalaga sa totoong buhay ngunit tutol ang mga pamilya ng dalawa sa kanilang pagmamahalan kaya naman tulad ng kuwento ni Romeo at Juliet maging ni Hector at Lidia, nagpapakita ito ng pagkakahalintulad sa kinahinatnan ng buhay ni Crissot.

### Hakbangin sa Pagsasalin sa Nobelang 'Lidia' ni Juan Crisostomo Soto

Matapos na mabasa ang kabuuang nobela ng Lidia ni Juan Crisostomo Soto, dumaan sa tatlong proseso ng pagsasalin sa pamamagitan ng tapatang salin ang Lidia mula sa wikang Kapampangan bilang simulaang lengguwahe tungo sa wikang Filipino bilang

---

<sup>18</sup> Judy Ick, "The Undiscovered Country: Shakespeare in Philippine Literature," 4

tunguhang lengguwahe – ang unang salin, ikalawang salin at ang pinal na salin. Sa unang salin, ginamit na pamamaraan ang salita-sa-salita upang matukoy ang mga salitang walang katumbas sa tunguhang lengguwahe, idyoma, at mga salitang kultural sa simulaang lengguwahe. Sa ikalawang salin naman ang muling pagsasaayos sa unang salin gamit ang pamamaraang diwa-sa-diwa upang mapalitaw ang pamamaraan ng pagsasalin ayon kay Batnag at Petras ng prosa na umiikot sa pagsasalin ng idyoma sa natural nitong daloy, pagiging natural ng estruktura ng wika ayon sa wikang pagsasalinan, at paglilipat ng mga katawagang pangkultura. Ginamit din bilang metodo ang alinmang pamamaraan ng pagsasalin ayon kay Abueg na (a) salita-sa-salita; (b) diwa-sa-diwa; (c) pagsasalin ng kultura na tumutugon sa problema ng kakulangan ng isang wikang pandaigdig na pinagsasalinan ng mga termino o katawagan na nasa isinasaling kultura; (d) pagsasalang kaugnay ng panahon; (e) sitwasyon o gamit ng mga salita sa teksto; (f) malayang salin; (g) kaayusan ng sintaks; (h) isinasaalang-alang ang konteksto o kapaligirang panlipunan sa panahon ng pagsasalin at; (i) intensyon tulad sa pagpapahusay ng salin na higit mahusay kaysa orihinal. Ang pinal na salin naman ay ang nirebisang salin matapos dumaan ang ikalawang salin sa ebalwasyon ng napiling konsultant na si Prop. Marlon L. Miguel<sup>19</sup> mula sa Don Honorio Ventura State University (DHVSU). Gumamit din ang mananaliksik ng diksyonaryo partikular ang Vocabulario de Pampango en Romance, Y Diccionario de Romance en Pampango na ginawa ni Fr. Venancio Samson noong 1732 na naisalin sa wikang Ingles ng Holy Angel University, Center for Kapampangan Studies.

---

<sup>19</sup> Si *Prop. Marlon L. Miguel* ay propesor mula sa Don Honorio Ventura State University. Sa naturang unibersidad din niya natapos ang kaniyang Master ng Sining sa Edukasyon-medyor sa Filipino. Nakapagtamo ng ilang akademikong yunit sa digring Doktor ng Pilosopiya sa Filipino Medyor sa Panitikan sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Ngayon ay kasalukuyang kumukuha ng digring Doktor ng Pilosopiya sa Edukasyong Pangwika sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas.

## Mga Pamamaraan sa Pagsasalin ng Nobelang 'Lidia' mula Wikang Kapampangan tungo sa Wikang Filipino

### *Mga Salitang Walang Katumbas sa Tunguhang Lengguwahe*

Makikita sa Talahanayan Blg. 1 ang mga salitang walang katumbas sa Tunguhang Lengguwahe mula sa proseso na isinagawa sa unang salin kung saan tapatang isinalin mula simulaang lengguwahe tungo sa tunguhang lengguwahe ang bahagi ng nobelang Lidia sa pamamagitan ng salita-sa-salita. Makikita rin na halimbawa ang naka-haylayt na salita bilang walang katumbas na salita sa tunguhang lengguwahe. Kalimitan ng mga salita mula sa orihinal ay nagmula sa ibang wika tulad ng Kastila, Portuguese at Latin na walang tuwirang tumbas sa Kapampangan kaya naman mula sa kahulugan ng mga salita na ito sa orihinal, isinalin ito sa Filipino upang mapunan ang pangangailangan na maisalin ang mga salita sa pamamagitan ng paghahanap ng tumbas sa mga salita mula sa ibang wika sa Pilipinas, pinanatili rin ang gamit nito mula sa orihinal na wika at isinalin ang mga salita sa Ingles upang higit na maunawaan ng mga mambabasa. Sa kasong ganito, nilagyan ng deskripsyon ang salitang ginamit upang higit na maunawaan ng mambabasa ang kahulugan nito.

### **Talahanayan Blg. 1**

Halimbawang mga Salitang Walang Tumbas sa Tunguhang Lengguwahe

Kab.	Orihinal	Unang Salin	Ikalawa at Pinal na Salin	Paliwanag
1	poesia	poesia	tula	Una, ang salitang <b>poesia</b> ay mula sa wikang Latin na nangangahulugang <b>poetry</b> o tula.
2	purpurea	purpurea	lila	Isinalin naman ang salitang Latin na <b>'purpurea'</b> na may kahulugang <b>purple</b> sa Ingles sa salitang <b>'lila'</b> sa Filipino.
9	nacar	nacar	nakar	Pinanatili ang salin ng salitang <b>'nacar'</b> dahil ito ay isang uri ng kabibe.

Kab.	Orihinal	Unang Salin	Ikalawa at Pinal na Salin	Paliwanag
11	rosacea	rosacea	rosas	Ang salitang Latin na <b>rosacea</b> naman ay isinalin bilang <b>rosas</b> na siya ring kahulugan nito sa Filipino.
	brillanting azul zafiro	brilyanteng zafiro	asul na brilyante	Ang <b>brilyanteng zafiro</b> na tinutukoy naman ay binigyan na lamang ng deskripsyon bilang asul na brilyante upang madaling maunawaan ng mambabasa.
12	alzada	alzada	pagkakatayo	Isinalin ang salitang <b>'alzada'</b> na mula sa Kastila bilang <b>'pagkakatayo'</b> .
15	cambio	cambio	bagon	Isinalin din ang <b>cambio</b> na walang tuwirang salin sa Filipino bilang <b>'bagon'</b> na siyang sasakyan ng mga tao na tinutukoy sa akda.
16	encajes	encajes	lace	Isinalin ang salitang Kastila na <b>'encajes'</b> bilang <b>'lace'</b> na salitang Ingles upang higit na maunawaan ng mambabasa.
18, 19	Libro de memorias	Libro de memorias	diary	Pinalitan ang ginamit na salita mula sa orihinal na Kastila na <b>'libro de memorias'</b> ng <b>'diary'</b> upang mas madaling unawain.
17	expediente	expediente	tinatakwil	Pinalitan ang unang salin na <b>'expediente'</b> mula sa Kastila bilang <b>'tinatakwil'</b> .
19	morfina	morfina	lason	Pinalitan ang unang salin sa <b>'morfina'</b> na mula sa Portuguese bilang <b>'lason'</b> .



## *Idyoma at Tayutay sa Natural na Daloy ng Salin*

Ang Talahanayan Blg. 2 naman ay nagpapakita ng mga salita o parirala na pumapasok sa kategorya bilang Idyoma at Tayutay. Sa Simulaang Lengguwahe, maraming mga Tayutay na ginamit ang may-akda upang ihambing ang mga karakter sa naturang mga bagay-bagay o penomenon kaya naman sinikap ng mananaliksik na panatilihin ang ilan sa mga Tayutay na ginamit. Nagkaroon din ng pagbabago sa kaangkupan ng mga salitang ginamit tulad nalang ng mga pariralang “malinis niyang noo” na isinalin bilang “blangkong isipan” upang higit na maunawaan ng mga mambabasa ang tinuturan ng pangungusap. Sa pagpapaliwanag ng isinagawang salin, inihanay rin ng mananaliksik ang mga Tayutay na ginamit mula sa unang salin at sa pinal na salin na kalimitan ay Pagtutulad, Pasukdol, Personipikasyon, Pangitain (*vision imagery*), hayperbole, Pagmamalabis, at Paglilipat-wika.

### **Talahanayan Blg. 2**

Halimbawang mga Idyoma at Tayutay sa Natural na Daloy ng Salin

Kab.	Orihinal	Unang Salin	Pinal na Salin	Paliwanag
1	macabuntoc	nakaulo	nakaulo	Ang unang salin na salitang nakaulo ay nagpapahiwatig ng pagiging manunulat ni Crissot kaya naman pinanatili ang paggamit dito.
1	notas á ngungulangul	notang sumisigaw	notang nagdaramdam	Binago ang salin sa ‘notang sumisigaw’ sa ‘notang nagdaramdam’ bilang rekomendasyon ng konsultant na hindi lamang basta pagsigaw ang ibig sabihin ng ngungulangul kundi naroon ang mabigat na damdamin ng kalungkutan.

Kab.	Orihinal	Unang Salin	Pinal na Salin	Paliwanag
1	itang canuanang malinis	noo niyang malinis ay nakapahinga sa kanyang mga kamay	malalim na nag- iisip	Mula sa pagsasaimahe ng akda sa ginagawa ni Lidia na “noo niyang malinis na nakapahinga sa kanyang kamay” pinalitan ito ng “malalim na nag-iisip”. Ayon rin sa rekomendasyon ni Prof. Miguel na mas mainam na gawing aktibo ang galaw upang mas maging mabuo ang imahen sa mambabasa ng isang taong nag-iisip nang malalim.
1	malinis ng canuan	malinis niyang noo	blangkong isipan	Pinalitan ang pariralang “malinis niyang noo” ng “blangkong isipan” sapagkat ito ang nais tumbukin ng sunod na mga parirala kung saan nagpapahiwatig na maraming iniisip
1	Canita ing bulan meralumdum ya, ticpana itang catajimican	Doon ang buwan dumilim na tinakpan iyong katahimikan	Binalot ng dilim ang buwan kasabay ng pamamayani ng katahimikan	Mula sa salita-sa-salitang salin, ipinahayag sa pinal na salin ang nais na ipakita ng akda kung saan ang ‘buwan na dumilim’ ay isinalin na ‘binalot ng dilim ang buwan’ na nasa anyo ng tayutay na pasukdol.  Maging ang pariralang ‘pamamayani ng katahimikan’ ay nasa anyo ng tayutay na personipikasyon kung saan ipinapakita ang pag-iral ng katahimikan.

Kab.	Orihinal	Unang Salin	Pinal na Salin	Paliwanag
5	maliliaring lablab, abu, lasun at camandag á papate quea!	mangyayaring naglalagablab na apoy, abo, lason at kamandag na papatay sa kanya.	Napalitan ng naglalagablab na apoy, abo, lason at kamandag na siyang papatay sa kanya.	Maging ang pangungusap na 'napalitan ng naglalagablab...' ay isang tayutay na nasa anyo ng pasukdol at pangitain o <i>vision imagery</i> .
8	Liban de, disan deng macalunus, misna yang dagul á lagnat.	Iiwan na nila ang nakakaawang may mataas na lagnat.	Iiwan na nila ang nakakaawang si Lidia na inaapoy pa rin ng lagnat.	Ginamitan din ng tayutay na pasukdol ang salin kung saan mula sa 'mataas na lagnat' ay isinalin bilang 'inaapoy pa rin ng lagnat'.
9	ing asbuc na, anti yamong metung á cajang coral nung nulamacasinup ding ipanang malino anting nacar.	parang isang kahang koral kung saan nakatago ang kanyang mga ipin niyang malinaw na parang nacar.	Parang isang koral ang kanyang bibig na pinagkukublian ng mga ngiping puting puti na parang nakar.	Pinanatili rin ang gamit na tayutay na pagtutulad sa pamamagitan ng pagkukumpara ng puting ngipin ni Lidia sa nakar, isang uri ng kabibe.
9	Ing aili na, palague at malinis, anti mo ing qñg metung á angel.	Yung tawa niya, palagi at malinis, parang isang anghel.	Palagi siyang nakatawa ngunit mahinhin pa rin na parang isang anghel.	Isinalin ang salitang 'malinis' bilang 'mahinhin' at pinanatili ang paggamit ng tayutay na pagtutulad kay Lidia sa isang anghel.
16	á é micacunung minie qñg p□sû na canitang lalaquing matuling pa qñg bengi,	papaanong ibinigay niya ang puso sa ganoong lalaki na maitim, maitim pa sa gabi	Papaanong ibinigay niya ang puso sa lalaking maitim pa sa gabi ang budhi.	Inihambing naman ang kaitiman ng budhi ng lalaki sa maitim na gabi na isa ring tayutay.

*Pag-aangkop ng Salin sa Konteksto ng Tunguhang Lengguwahe*

May pagkakataon din na inangkop ang salin batay sa konteksto na higit mauunawaan sa Tunguhang Lengguwahe. Makikita sa Talahanayan Blg. 3 ang mga salita na binago ang gamit na salita ng isalin sa Filipino para higit na maunawaan ng mga mambabasa ang nais na ipahiwatig ng pangungusap. Halimbawa na lamang ang salitang ‘musa’ na tumutukoy sa Filipino bilang diwata ngunit binibigyang-kahulugan din bilang paraluman o taong pinaghahanguan ng inspirasyon kaya naman sa pinal na salin ay ginamit ang salitang ‘iniirog’ o nangangahulugan bilang ‘sinisinta’. Isa pang halimbawa ang salitang ‘tebugan’ na nangangahulugan sa Kapampangan bilang ‘pinagtatampuhan’, isinalin ito bilang ‘matagal nang nakalimot’ na higit angkop sa nais ipahiwatig ng pangungusap.

**Talahanayan Blg. 3**

Halimbawang Pag-aangkop ng Salin sa Konteksto ng Tunguhang Lengguwahe

Kab.	Orihinal	Unang Salin	Pinal na Salin	Paliwanag
1	musa	musa	iniirog	Kung pagbabatayan ang pangungusap, tumutukoy ang musa bilang iniirog o sinisinta ng may-akda.
1	tebugan	pinagta-tampuhan	matagal nang nakalimot	Upang higit na maunawaan sa TL ang konteksto ng unang salin, isinalin ito batay sa kahulugan.
1	notas á ngungulangul	notang sumisigaw	notang nagdaramdam	Literal na salin ang sumisigaw kaya naman upang iangkop sa higit na konteksto na nais ipahiwatig ng may-akda, isinalin ito bilang nagdaramdam.

Kab.	Orihinal	Unang Salin	Pinal na Salin	Paliwanag
1	sumpa	sumpa	pangako	Isinalin ang sumpa bilang pangako na nais ipahiwatig sa akda. Higit na nauunawaan din sa kasalukuyan ang sumpa bilang negatibong bagay na maaaring mangyari sa isang tao.
2	pipinta reng antimong patipating mayumu at mamu	pinipinta siyang parang kalapating matamis at maamo	Sa pagtingin ng iba, tila siya'y maamong kalapati na kasimputi ng asukal	Ang salitang 'pinipinta' na nagpapahiwatig na iniimahe ay isinalin bilang 'pagtingin'.
5	Lulam	Madilim na Ulap	Madilim na Kalangitan	Ang salita-sa-salitang salin ng orihinal na 'lulam' ay madilim na ulap. Binago ang salitang 'ulap' sa pinal na salin ng 'kalangitan' upang higit na mapalalim ang konteksto.
6	malagnat nang pami-isip	nilalagnat niyang pag-iisip	nagdedeliryo niyang isip	Isinalin din ang pariralang 'nilalagnat niyang pag-iisip' bilang 'nagdedeliryo niyang isip' sapagkat ito ang higit na mauunawaan batay sa kontekstong nais ipahayag ng orihinal.

Kab.	Orihinal	Unang Salin	Pinal na Salin	Paliwanag
7	ing Doctor L., queta ya cabuntucana.	ilang sandali si Doktor L. doon sa ulunan nya.	Ilang sandali lang, dumating na si Doktor L.	Pinalitan ang salitang 'ulunan' na tumutukoy sa 'cabuntucana' at isinalin bilang 'dumating' na mas mainam upang maunawaan ang nais ipahayag.
15	mayumu ité?	matamis iyon?	ganoon ba ang pag-ibig?"	Pinalitan ang unang salin sa huling pangungusap na 'matamis iyon?' tungo sa 'ganoon ba ang pag-ibig?' para sa mas malinaw na konteksto.
16	á lulual gagalgal quetang batal	umiiyak sa kanyang leeg	lumalabas na ang ugat sa leeg dahil sa pag-iyak	Pinalitan ang unang salin na 'umiiyak sa kanyang leeg' tungo sa 'lumalabas na ang ugat sa leeg dahil sa pag-iyak' upang mas luminaw ang nais na ipahayag.
16	penagaulan dala naman qñg miyaliuang bague micasampat	nilagyan nila ng magaganda at magkakaibang bagay	Nilagyan nila ng magaganda at magkakaibang muebles	Isinalin ang 'magkakaibang bagay' bilang 'muebles' upang matukoy at maunawaan ito ng mambabasa.
16	panenayaneng macalag á butnul, baneng abalu capupusan	inaantay niyang mahiwalay ang buto, para malaman niya ang katapusan	inaantay niyang mahiwalay ang ubod ng kuwento para malaman niya ang katapusan	Pinalitan ang unang salin na salitang 'buto' tungo sa 'ubod ng kuwento'.

## *Pagsaalang-alang sa Konteksto at Kaligiran ng Panahon ng Pagsasalin*

May ilang mga salita mula sa orihinal na akda na ang ginamit na mga salita ay hindi na ganoon ginagamit sa kasalukuyan kaya naman binago ang pagkakasalin nito batay sa kung ano higit na ginagamit na salita sa wikang Filipino. Makikita sa Talahanayan Blg. 4 ang mga salita na iniba ang pagkakasalin sa Tunguhang Lengguwahe tulad ng salitang 'Filifinas' kung saan makikita na gumamit ng titik F na hindi na ginagamit ngayon, isinalin ito bilang 'Pilipinas'. Isa rin ang salitang 'tarheta' na isinalin na lamang sa wikang Ingles na 'card' upang higit na maunawaan ng mga mambabasa. Nariyan din ang salitang 'franelina' na nangangahulugan bilang 'pranela' ngunit sa kasalukuyan ang pranela ay kilala bilang uri ng tela na ginagamit para sa sanggol na hindi angkop sa konteksto ng akda kaya naman isinalin ito bilang 'kumot'. Ang mga pangalan din ng mga lugar sa orihinal na akda ay nakabatay sa mga dating pangalan ng mga lugar sa Pampanga kaya naman sinaliksik ang mga lugar na ito sa kung anong katawagan sa kasalukuyan tulad ng S. Kernando na isinalin bilang San Fernando at Culiati na isinalin bilang Angeles.

### *Ang Natural na Daloy ng Salin sa Tunguhang Lengguwahe*

Kalakanan ng kabuang salin ay isinaayos ayon sa istruktura ng wikang Filipino at hindi napanatili sa lahat ng pagkakataon ang istruktura ng wikang Kapampangan. Iniwasan din ang paggamit ng 'ay' na makikita sa di-karaniwang ayos ng pangungusap dahil na rin akdang pampanitikan ang sinasalin kaya kinakailangan maging natural ang daloy ng salin. May mga pagkakataon din na gumagamit ang mananaliksik ng malayang salin sa ilang mga pangungusap sa pamamagitan ng pagdaragdag tulad ng pagbibigay ng diin sa mga nagsasalita. Gumagamit ng mga salita tulad ng, 'ani ni', 'wika ni', 'saad ni' at iba pang katulad. Nagdaragdag din ng ilang mga salita para mabigyang imahen ang nais tukuyin ng pahayag tulad ng sumusunod:

*Walang kibong nagmamasid ang buwan sa mga nangyayari sa gabi bilang saksi sa **pagmamahalan** ng magkasintahan (Kabanata 1).*

Sa orihinal na teksto, wala ang salitang ‘pagmamahalan’ ngunit para mabigyang imahen ang sinasaksihan ng buwan, idinagdag ang salitang ito. May mga nirekomenda rin ang konsultant na upang maging ganap ang ideya ng orihinal na teksto ay mainam na magdagdag ng mga parirala sa pangungusap:

*Pinakatitigang mabuti at sa kanyang tingin ay maaaninag ang pagpupumilit ng **pangangako ng pag-ibig** sa kanyang kasintahan (Kabanata I).*

Idinagdag ang pariralang ‘pangangako ng pag-ibig’ na hindi makikita sa orihinal na teksto ng akda. Makikita ang iba pang kaso ng pagdaragdag sa apendiks ng pag-aaral. May mga pagkakataon din na nagbabawas sa salin tulad ng makikita sa baba na sang-ayon sa rekomendasyon ng konsultant upang maiwasan ang redundancy o pagkakadoble ng kahulugan:

**Orihinal:** *Nagbihis siya at pinili niya ang masaya at makulay na damit (Kabanata II).*

**Salin:** *Nagbihis siya nang kasuotang masaya ang kulay (Kabanata II).*

Makikita na tinanggal na ang mga salitang ‘makulay na damit’ at pinag-isa na ang diwa ng orihinal na pangungusap sa isinagawang salin. Makikita ang iba pang kaso ng pagbabawas sa apendiks ng pag-aaral.

### Mungkahing Salin ng Nobelang ‘Lidia’ mula Wikang Kapampangan tungo sa Wikang Filipino bilang Kaambagan sa Pambansang Panitikan

Mula sa masalimuot na proseso ng pagsasalin ng nobelang ‘Lidia’ mula sa wikang Kapampangan tungo sa wikang Filipino na dumaaan sa tatlong proseso ng pagsasalin – ang salita-sa-salita, diwa-sa-diwa, at ang huli ay ang pinal na salin sang-ayon sa naging komento at rekomendasyon ng konsultant. Bilang kauna-unahang pagtatangka ang isinagawang salin ng mananaliksik na maisalin ang nobelang ‘Lidia’ ni Juan Crisostomo Soto sa wikang Filipino, may malaking kaambagan ito upang maiparanas sa pamamagitan ng pagpapakita sa mga mambabasa



ng mayamang kultura, mga kinagawian o values, at pagiging malikhain ng akda mula sa Kapampangan sa mga mambabasa sa Filipino. Ayon nga kay Lumbera, napapatampok nito ang karanasang panrehiyon na nagiging bahagi ng karanasang pambansa. Kaya naman, napapalitaw mula sa salin ang pangangailangang panatilihin at ilahok sa Filipino ang mga konseptong may partikular na bisa sa SL. Sa ganitong palagay, unti-unting namumulat ang mambabasa ng TL sa kultura ng pinagmulan at makita ang kaugnayan nito sa sariling karanasan. Sa usapin naman ng pagbubuo ng panitikang pambansa, kinakailangang ang literatura ng bansang may maraming wika ay nararapat lamang na nasusulat maging sa wikang pambansa na magiging tulay sa pagkakaunawaan ng mga pangkat at rehiyon. Nagiging dahilan ito sa pagbibigkis ng pagkakaisa sapangkat sa pambansang literatura nasasalamain at nadadama ng mga pangkat na sila'y kabilang sa isang malaking kabuuan. Ganito rin ang ipinahayag ni Abueg (sinipi mula kay Zafra, 2009)<sup>20</sup> na isa sa mga elementong posibleng magbuklod sa isang panitikang pambansa ng Pilipinas ang hangaring magkaroon ng tunay na wikang pambansang tatanggapin ng lahat at makakapagpahayag ng damdamin, kaisipan at kaluluwa ng lahing Pilipino.

Para kina Constantino, Sikat, Abueg, Yabes at Lumbera (sinipi mula kay Zafra, 2009)<sup>21</sup>, daan ang pagsasalin ng mga pangunahing akda mula sa iba't ibang rehiyon at wika sa Pilipinas, kasama ang Ingles at Kastila tungo sa wikang pambansa ang sasagot sa problema ng nasyonalisasyon o pagsasabansa ng wika at mga panitikan sa Pilipinas.

## KONGKLUSYON

Kinilala si Juan Crisostomo Soto bilang Ama ng Panitikang Kapampangan na siyang may-akda ng nobelang 'Lidia' na kinilala rin bilang kauna-unahang nobelang naisulat sa wikang Kapampangan noong 1907. Maituturing na mahalagang bahagi ng akdang pampanitikan ng mga Kapampangan ang Lidia dahil sa pagtalakay nito

---

<sup>20</sup> Sinipi kay Galileo Zafra, "*Salin-Suri: Panimulang pagmamapa ng mga larangan ng pag-aaral ng pagsasalin sa Filipinas*," 2009

<sup>21</sup> Ibid.

sa iba't ibang usapin ukol sa panahon kung kailan naisulat ang akda partikular noong panahon ng mga Amerikano maging ang makulay na kultura, pagkakakilanlan ng mga Kapampangan, at maging ang mga pagpapahalaga o *values* na nais ikintal ng manunulat sa mga mambabasa ay nasasalamín sa akda. Mula rito, napakahalaga na maibahagi ito sa mga mambabasa hindi lamang ang mga Kapampangan kundi maging sa iba pang mga Pilipino na siyang gagampanan ng isinagawang mungkahing salin mula wikang Kapampangan tungo sa wikang Filipino ng akda. Sa aklat nina Batnag at Petras (2009)<sup>22</sup>, nasabing mahalaga ang pagsasalin sa mga panitikan sa bansa una dahil napagyayaman nito ang wikang Filipino sang-ayon sa Konstitusyong 1987. Kaya naman, higit na nagiging kongkreto ang hakbang na lahuman ang Filipino ng iba't ibang mga konsepto mula sa rehiyon na ganap na nagpapakilala sa tradisyon ng partikular na lugar.

Mahalaga rin ang masinsin at masalimuot man na prosesong pinagdaanan ng pagsasalin na lalong nagpahusay sa mungkahing salin. Dumaan ito sa tatlong proseso kung saan matapos basahin ang nobelang 'Lidia' isinalin ito gamit ang salita-sa-salitang salin upang matukoy ang mga salitang walang salin sa TL maging ang mga idyoma, tayutay, imahen, at mahahalagang kaisipan ng akda na dapat mapalitaw sa salin. Ikalawang proseso ang pagsasalin gamit ang diwa-sa-diwa kung saan nagkaroon na ng pagsasalin sa mga salita na walang katumbas sa TL, pagsasalin sa mga salita na nagmula sa ibang wika, pagpapanatili ng mga idyoma at tayutay, pagsasalin batay sa panahon, at pagsasalin upang maging natural ang daloy ng salin sa TL. Ikatlong proseso ang isinagawang ebalwasyon sa isinagawang salin ng akda ng konsultant na tiniyak na maalam sa parehong wika at kultura at matapos nito ay muling nirebisa ang salin batay sa mga komento at rekomendasyon ng konsultant.

Mula rito, nakikitang malaki ang maaaring maging ambag ng salin sa nobelang 'Lidia' sa pambansang panitikan na sapagkat kinakailangang ang literatura ng bansang may maraming wika ay nararapat lamang na nasusulat maging sa wikang pambansa na magiging

---

<sup>22</sup> Batnag, A. at Petras, J., "*Teksbuk sa Pagsasalin*," 2009

tulay sa pagkakaunawaan ng mga pangkat at rehiyon. Nagiging dahilan ito sa pagbibigkis ng pagkakaisa sapagkat sa pambansang literatura nasasalamon at nadadama ng mga pangkat na sila'y kabilang sa isang malaking kabuuan. Ganito rin ang ipinahayag ni Abueg (sinipi mula kay Zafra, 2009)<sup>23</sup> na isa sa mga elementong posibleng magbuklod sa isang panitikang pambansa ng Pilipinas ang hangaring magkaroon ng tunay na wikang pambansang tatanggapin ng lahat at makakapagpahayag ng damdamin, kaisipan at kaluluwa ng lahing Pilipino.

## MGA SANGGUNIAN

Batnag, A. E. at Petras, J. 2009. *Teksbuk sa pagsasalin*. Quezon City: C & E Publishing, Inc.

Estillore-Gabunada M.V. 2019. The politics of translation in the creation, production, and canon formation of translated Cebuano literature from the postwar period to the present. *Kritika Kultura* 33/34, 247-273. <https://ajol.ateneo.edu/kk/issues/84>.

Fajilan, W.F. 2021. Higit pa sa Raket!: Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Pagsasalin bilang Isang Propesyon sa Pilipinas batay sa Karanasan at Saloobin ng Piling Tagasalin sa Metro Manila. *Malay* 34(1). <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-34/1/6-fajilan.pdf>.

Garcia, L. 2018. The ingenuity of Kapampangan novels in the 20<sup>th</sup> century. *Journal of International Academic Research for Multidisciplinary* 5(12). <https://www.jiarm.com/JAN2018/paper31732.pdf>.

Garcia, L. 2017. The Hispanic culture of Kapampangan novels during the age of U.S. imperialism. *Research Journal of English Language and Literature* 5(4). <http://www.rjelal.com/5.4.17/53-58%20LOIDA%20L.%20GARCIA.pdf>.

---

<sup>23</sup> Sinipi kay Galileo Zafra, “*Salin-Suri: Panimulang pagmamapa ng mga larangan ng pag-aaral ng pagsasalin sa Filipinas*,” 2009

- Ick, J.C. 2013. The undiscovered country: Shakespeare in Philippine Literatures. *Kritika Kultura* 21/22(1-25). <https://archium.ateneo.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1506&context=kk>.
- Mallari, J. C. 2011. Indigenizing the zarzuela: Kapampangan ethnocentric adoption of the foreign genre. *Coolabah Observatori: Centre d'Estudis Australians, Australian Studies Center, Universtat de Barcelona* 3. <https://raco.cat/index.php/coolabah/article/view/327815/418337>.
- Rendall, Steven. 1997. "The Translator's Task, Walter Benjamin (Translation)." *TTR Traduction Terminologie Rédaction* 10, no. 2 (January): 151. <https://doi.org/10.7202/037302ar>.
- Soto, Juan Crisostomo. 1907. *Lidia*. American Philosophical Society Library. <http://name.umdl.umich.edu/apz7294.0001.001>. 19 Enero 2020.
- Zafra, G. S. 2009. *Salin-Suri: Panimulang pagmamapa ng mga larangan ng pag-aaral ng pagsasalin sa Filipinas*. Quezon City: University of the Philippines Press.

## HINGGIL SA MAY AKDA

Si **Jeffrixx S. Parajas** ay tubong San Jose, San Fernando City sa Lalawigan ng Pampanga, nakapagsasalita, nakauunawa at nakasusulat sa wikang Kapampangan. Siya ay nakapagtapos ng digring Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya noong 2017 sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Manila. Nakapagtapos din ng Master ng Artes sa Filipino (MAF) sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Paaralang Gradwado noong 2024. Kasalukuyan siyang dalubguro sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Taguig Campus na nagtuturo ng mga asignaturong Filipino, Pagsasalin at Panitikan. Siya rin ang kasalukuyang Faculty Club President ng PUP Taguig mula noong 2023. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay hindi limitado sa mga paksang may kinalaman sa edukasyong pangwika, pagsasalin, Kapampangan Studies at ukol sa mga katutubo o Indigenous Studies.